




Paluwas sa malaking lungsod

離家進城的那一天

 Lesley Koyi, Ursula Nafula

 Brian Wambi


 Arlene Avila

 Tagalog / Chinese (Mandarin)

 Level 3

(imageless edition)





Siksikan ang tao at punung-puno ang mga bus sa terminal. Sa labas ng bus, mas madami pang hindi naikakargang mga gamit. Sinisigaw ng mga konduktor kung saan sila papunta.

...


在我生活的村莊裡，有一個小小的大巴車站。大巴車站雖然小，但是人來車往，非常熱鬧，地上常常堆滿了裝載的貨物，售票員叫喊著大巴車開往的方向。



“Lungsod! Lungsod kayo riyan! Mga pa-kanluran, dito na!” sigaw ng isa. Doon ako dapat sumakay.

...


我聽到售票員喊“進城啦！進城啦！往西去！”這就是我要乘坐的大巴車。



Halos puno na ang bus pero marami pa rin gustong sumakay. Nilagay ng iba ang bagahe sa ilalim ng bus. Ipinatong naman nung iba ang mga gamit nila sa mga lalagyan sa loob.

...


進城的大巴車幾乎坐滿了，但是人們還是不停地往裡面擠。一些人把行李放在車頂，還有一些人把行李放在車廂裡的架子上。



Hawak ng mga bagong pasahero ang tiket nila habang naghahanap ng upuan. Hinahanda ng mga nanay ang kanilang mga anak para sa mahabang biyahe.

...


剛上車的乘客們緊緊地抓著他們的車票，在擁擠的車廂裡尋找座位，帶著小孩的婦女們都坐得舒舒服服的。



Sumiksik ako malapit sa isang bintana. Mukhang kinakabahan ang katabi ko. Hawak niyang mahigpit ang berdeng plastic bag. Luma na ang kanyang damit at tsinelas.

...


我擠到了窗邊的一個座位裡。旁邊的乘客緊緊地抓著一個綠色的塑料包裹。他穿著破舊的涼鞋和外套，看起來很緊張。



Tumingin ako sa labas. Iiwan ko na ang aking
nayon, kung saano ako lumaki. Luluwas ako
papunta sa malaking lungsod.

...


我朝窗外看去，這才意識到，我正在離開我長大的村莊，我要進城了！



Nakaupo na ang mga pasahero at naikarga na ang mga bagahe. Pero marami pa ring mga manlalako sa loob ng bus. Sinisigaw nila ang kanilang binibenta. Nakakaaliw ang mga ginagamit nilang salita.

...

貨物都裝載完了，乘客們都坐好了。小商販們還在努力地擠到車廂裡，向乘客們大聲叫賣著貨物。他們的話聽起來怪好笑的。



May bumili ng inumin. May bumili ng kakanin at nagsimulang kumain. Tulad ko, may iba na nanood lang dahil walang pambili.

...


有一些乘客買了飲料，還有一些乘客買了零食，正準備拆開來吃。像我一樣沒有錢的人只能看著。



Napatigil ang lahat ng bumusina ang drayber.
Pinalabas ng konduktor ang mga naglalako dahil
aalis na ang bus.

...

大巴車滴滴叫了兩聲，要開了，小商販的活動戛然而
止。售票員喊著，趕他們下車。



Nagtulakan sila palabas. Nagsukli ang iba pero meron pa rin nagpupumilit makabenta.

...


小商販們推推搡搡下了車。一些人還在忙著找零錢，還有一些人賴著想最後再做點生意。



Pagtulak ng bus, dumungaw ako sa bintana.
Babalik pa kaya ako dito?

...


大巴車緩緩離開了車站，我看著窗外，不知道今後會不會有機會回來了。



Habang kami ay bumibiyaha, naging maalinsangan sa loob ng bus. Pinilit kong makatulog.

...

旅程漸漸展開，車廂裡慢慢熱了起來，我閉上眼睛，想小睡一會兒。



Pero laging lumilipad ang utak ko pauwi. Magiging mabuti kaya ang kalagayan ni nanay? Mabibili kaya ang mga kuneho? Maaalala kaya ng kapatid kong diligan ang mga punla?

...


但我的思绪卻飛回了家。我的媽媽安全嗎？我的兔子會賣了賺錢嗎？我的弟弟會幫著給小樹苗澆水嗎？



Isinaulo ko na lang ang address ng tiyo ko sa siyudad. Nakatulog akong bumubulong bulong.

...


在路上，我努力記住我叔叔在城市裡的地址。我迷迷糊糊地說著地址，沉沉地睡去。



Pagkatapos ng siyam na oras, nagising ako sa mga kalabog at sigaw ng konduktor. Nagtatawag na siya ng mga pasahero pabalik sa nayon. Tumalon ako palabas ng bus dala ang bag.

...

過了九個小時，我被售票員的叫喊聲吵醒了，他在喊乘客坐車回村莊。我一把抓住我的包，跳下了車。



Mabilis na napupuno ang bus na pabalik sa nayon. Maya-maya lang tutulak na ito pa-silangan. Pero ang mas mahalaga ngayon, mahanap ko ang bahay ni tiyo.

...

回程的大巴車很快就坐滿了，不久就要開回東邊的村莊去了。對我來說，現在最重要的事情就是找到我叔叔的家。



香港故事書

global-asp.github.io/storybooks-hongkong

Paluwas sa malaking lungsod

離家進城的那一天

Written by: Lesley Koyi, Ursula Nafula

Illustrated by: Brian Wambi

Translated by: Arlene Avila (tl), Vicky Liu (zh)

This story originates from the African Storybook (africanstorybook.org) and is brought to you by [香港故事書](https://global-asp.github.io/storybooks-hongkong) in an effort to provide children's stories in 香港's many languages.



This work is licensed under a Creative Commons
[Attribution 4.0 International License](https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/).